Protektahan ang Iyong Sanggol mula sa Hepatitis B

Ang impeksyon ng Hepatitis B virus sa isang buntis ay maaaring maipasa sa kanilang anak pagkapanganak. Ang ***San Diego Perinatal Hepatitis B Prevention Program*** ay nakikipagtulungan sa mga pamilya at mga doktor upang matiyak na ang sanggol ay maprotektahan nang maaga.

Pagsusuri

- Susuriin ka ng iyong doktor para sa hepatitis B habang nagbubuntis. Inirerekomenda ang pagsusuri sa bawat pagbubuntis, kahit na nasuri ka na noon.
- Kung magpositibo ka sa hepatitis B, isasali ka sa libreng Perinatal Hepatitis B Prevention Program. Ang programang ito ay hiwalay sa iyong regular na pangangalagang medikal, na patuloy mong matatanggap mula sa iyong doktor at team ng ospital.

Mga Serbisyo ng Programa

- Tatawag ang nurse case manager at magtatanong tungkol sa iyong pagbubuntis at magbibigay ng impormasyon tungkol sa programa.
  - Magpapadala rin sa iyo ng sulat na may kasamang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng nurse case manager at iba pang mga mapagkukunan.
- Makikipagtulungan sa iyo at sa iyong medical team ang iyong nurse case manager upang matiyak na matatanggap ng iyong sanggol ang mga kinakailangang bakuna at pagsusuri, at magbabahagi ng iba pang kapaki-pakinabang na mapagkukunan.

Mga Bakuna at Pagsusuri

Dapat makuha ng iyong sanggol ang:

- Ang bakuna laban sa hepatitis B at hepatitis B Globulin (Hepatitis B Immune Globulin, HBIG) sa loob ng 12 oras pagkapanganak para sa karagdagang proteksyon.
- Ang natitirang 3-4 na dosis ng bakuna sa hepatitis B ayon sa naka-iskedyul.
- Isang post-vaccine blood test (Post-Vaccine blood Test, PVST) upang kumpirmahin na ang iyong sanggol ay protektado at walang hepatitis B.
- Karagdagang pagsusuri o paggamot, kung kinakailangan.

Makipag-ugnayan sa Amin!

- Bisitahin ang Perinatal Hepatitis B Prevention Program sa online.
- Email PHS-PerinatalHepB.HHSA@sdcounty.ca.gov.
- Tumawag sa 866-358-2966 at piliin ang 'opsyon 5' para makipag-usap sa isang Public Health Nurse.

COUNTY OF SAN DIEGO HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

LIVE WELL SAN DIEGO